Nalalaman ng Dios ang lahat ng bagay. Nilikha Niya ang unang tao na si Adan. Siya ay nanirahan sa halamanan ng Eden na kasama ang kanyang asawa na si Eva. Maligaya sila sa piling ng Dios at sa kanilang pagsunod sa Kaniya. Subali't isang araw nagpakita ang diablo kay Eva sa anyong ahas.

"Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?" Ang tanong ng diablo. "At sinabi ni Eva "Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y matatay." Sinabi ng diablo kay Eva na hindi siya mamamatay kahit suwayin niya ang Dios.

Gustong tikman ni Eva ang bunga kaya sinuway niya ang Dios at kinain ito. Binigyan niya si Adan at kumain din ito. Ang pagkain sa ipinagbawal na bunga ay isang kasalanan. Ito ang unang kasalanan na nagawa ng tao. Matapos silang magkasala nabuksan ang kanilang mga isip na sila ay hubad, at sila ay nagtago sa Dios.


Alam ng Dios ang kanilang ginawa. Nang tanungin sila ng Dios tungkol dito, sinisi ni Adan si Eva. Sinisi naman ni Eva ang ahas. Isinumpa ng Dios ang ahas at ang babae. Magdurusa ang babae sa paglilihi at panganganak upang magkaroon ng mga anak. Isinumpa din ng Dios ang lupa at ito ay nagkaroon ng mga dawag at tinik. Si Adan naman ay magpapawis at magpapagod sa pagbubungkal ng lupa upang makakain siya at kaniyang pamilya.

Ang pinakamasakit ay pinaalis si Adan at Eva mula sa halamanan dahil sa kanilang pagkakasala. Nahiwalay sila sa Dios gawa ng kasalanan. Lahat ng taong naipanganak mula nuon ay naging makasalanan. Salamat na lamang niligtas ng Dios sila Adan at Eva. Sa panahon natin, iligtas din ng Dios ang bawa't taong hihingi ng tulong sa Kaniya.

Mga Tanong:

1. Paano nagkasala si Adan at Eva?
2. Ano ang pinakamasakit na bahagi ng kanilang pagkakasala?
3. Sino ang nagligtas kay Adan at Eva?

Memory Verse: Romans 3:23 For the wages of sin is death; but the gift of God is eternal life through Jesus Christ our Lord.



Hindi Maiitago Ang Kasalanan

Joshua 7

Sa pangunguna ni Joshua pinasok at sinakop ng Israel ang bayan ng Jericho. Sinabihan sila ng Dios na huwag kunin anumang bagay dito tulad ng ginto, tanso at bakal upang ihandog sa Panginoon. Kapag linabag ito ng sinoman, susumpain ng Dios ang buong kampo ng Israel.

Sumunod ang lahat maliban sa isang lalakeng nangangalang Achan. Palihim siyang kumuha ng magagarang damit, ginto at pilak at itinago ang mga ito sa kanyang tolda. Inakala niya na walang makakaalam ng kanyang kasalanan.

Sumunod sa Jericho ay ang bayan ng Ai. Napakaliit lamang ng bayang ito subali't sila ay natalo dahil sa kasalanan ni Achan. 36 na kawal ang namatay sa kanila. Lubhang nasaktan si Joshua at tinanong kung bakit hindi sila tinulungan ng Dios upang magtagumpay. Sinabi ng Dios na may kasalanan sa kampo. Ipapaalam ng Dios kay Joshua kung sino ang sumuway kinabukasan.

Kinaumagahan ang bawa't tribo ay hinarap kay Joshua. Ipinakita ng Dios na si Achan ang kumuha ng damit, ginto at pilak at ang mga ito ay nakatago sa kaniyang tolda. Tinignan ng mga kawal ang loob ng tolda ni Achan at natagpuan nga ang mga ito. Dahil sa kasalanan ito, si Achan at ang kaniyang pamilya ay pinagbabato hanggang sila ay nangamatay. Doon lamang nawala ang galit at sumpa ng Dios sa Israel.


Mga Tanong:

1. Ipinahintulot ba sa Israel ang pagkuha ng mga bagay sa Jericho?
2. Sino ang sumuway sa Dios?
3. Ano ang nangyari dahil sa kasalanan sa loob ng kampo?

Memory Verse: Romans 3:23 For the wages of sin is death; but the gift of God is eternal life through Jesus Christ our Lord.

AUGUST- ARALIN 3 isinulat ni Dawn Marrison
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City





Hindi Nagkasala Si Jesus

1 Peter 2:22-25

Ang kasalanan ay ang pagsuway sa mga kautusan ng Dios. Halimbawa, sinabi ng Dios na huwag magsinungaling. Kung tayo ay nagsisinungaling, binabali natin ang utos ng Dios at ito ay kasalanan. Kund hindi natin iniibig ang ating kapwa ito rin ay kasalanan sapagka't iniutos sa atin na dapat nating ibigin ang ating mga kapwa.

Si Jesus ay ipinanganak at nabuhay sa mundo sa loob ng humigit-kumulang 33 taon. Siya ay may katawan, mga kamay at paa. Siya ay nagutom din at napagod. Nakaramdam din siya ng init at lamig. Siya ay naging tunay na tao. Sinabi ng Biblia na siya ay nagalit pa nга dahil sa masasamang gawain ng mga tao sa templo.

Subali't may malaking pagkakaiba si Jesus sa lahat ng tao. Hindi siya nagkasala. Hindi siya nagsalita ng masama. Hindi niya kinamuhan ang kaniyang mga kapwa tao. Hindi siya nagnakaw o nagsinungaling man. Siya ay walang pagkakamali sa lahat ng bagay. Siya lamang ang taong nabuhay na naging kalugud-lugod sa Dios bawa't araw. Si Jesus ay banal.

Ang pagiging banal at walang kasalanan ni Jesus ay napakahalaga. Siya ang kinailangan maging tagapaglitgas ng tao sapagka't siya ay malinis at walang bahid pagkakasala. Sa pagnanais ng Dios na patawarin ang ating mga kasalanan, si Jesus ang naging karapat-dapat na sakripisyo sa krus dahil siya ay banal. Si Jesus lamang ang maaaring magpatawad sa lahat ng kasalanan ng tao.

Mga Tanong:

1. Ano ang kasalanan?
2. Ano ang malaking pagkakaiba ni Jesus sa lahat ng tao?
3. Bakit si Jesus lamang ang maaaring maging Tagapaglitgas?

Memory Verse: Romans 3:23 For the wages of sin is death; but the gift of God is eternal life through Jesus Christ our Lord.



When Jesus is tempted, He obeys God's Word.

Matthew 4:1-11; Mark 1:12,13; Luke 4:1-13

© 2007 Gospel Light. Permission is granted to photocopy granted in original purchase only. The Jesus Big Book of Bible Story Coloring Pages • 172

Si David At Si Bathsheba

2 Samuel

Si David ay mabuting hari na pinili ng Dios upang pagharian ang bayan ng Israel. Subali't bilang isang tao siya ay nagkaroon din ng mga pagkakamali sa buhay. Isa dito ay ang pamamalagi niya sa kanyang palasyo habang ang mga kawal ng Israel ay nasa pakikipagdigma.

Isang gabi siya ay umakyat sa itaas na bahagi ng palasyo. Nakita niya na sa itaas ng kalapit na bahay ay may isang magandang babae na naliligo. Napag-alaman ni David na siya ay si Bathsheba na asawa ni Uriah, isa sa kaniyang mga kawal. Binale-wala ni David kahit ang babae ay may asawa at pinatawag niya ito at sila ay may ginawang kasalanan.

Hindi nagtagal at nalaman ni David na si Bathsheba ay nagdadaland -tao. Hindi maaaring kumalat ang bagay na ito at nakaisip ng paraan si David. Pinatawag niya si Uriah mula sa labanan. Sinikap niyang pauwiin ito kay Bathsheba at ipa-angkin sa kanya ang ipinagbubuntis ng kanyang asawa. Subali't hindi sumunod si Uriah sa kagustuhan ng hari. Hindi maatim ni Uriah ang pakikipaglaban ang mga kasama at siya ay umuwi para makapiling ang asawa.

Dahil dito nakaisip pa ng isang paraan si David upang itago ang kaniyang kasalanan. Kailangang matay si Uriah. Inutusan ni David ang kapitan ng mga kawal na si Joab na ilagay si Uriah sa unahan at kainitan ng labanan at iwan siya sa mga kaaway upang ito ay matay. Namatay nga sa araw na iyon si Uriah dahil sa kasalanan ni David. Nanangis si Bathsheba dahil sa patay niyang asawa. Matapos ito naging asawa ni Haring David si Bathsheba.

Mga Tanong:

1. Saan dapat naroroon si David at hindi sa itaas ng palasyo?
2. Sino ang kaniyang nakita mula sa itaas ng palasyo?
3. Ano ang nangyari kay Uriah?

Memory Verse: Romans 3:23 For the wages of sin is death; but the gift of God is eternal life through Jesus Christ our Lord.

AUGUST- ARALIN 5 isinulat ni Dawn Morrison
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City





JULY- PRAYER

Memory verse: 1 Thessalonians 5:17 Pray without ceasing.

This month is all about prayer. The ability to pray to God is one of the greatest gifts God has given to us. Through prayer we can communicate with him and tell him our burdens and ask for his help. If we fail to pray, we will not have the peace of God and the power of God that we could have.

Try your best to teach the children that prayer is very important and that even though they are young, God wants to hear their prayers!

LESSON 1, PRAYER IS TALKING TO GOD

In this lesson, we teach what prayer is. Prayer is talking to God. There are no secret formulas when it comes to praying. We can talk to God just like we talk to a friend. To pray, we should just be honest with God and tell him how we feel and what is on our heart. You need to emphasize that anyone can pray.

LESSON 2, DANIEL AND THE LION'S DEN

This lesson is about the power of prayer. Teach the children that there is much power in prayer! Because of Daniels prayer, not even the lions could harm him. Prayer can do wonderful and mighty things. Not because of our ability to pray good, but because the God we pray to is all powerful and nothing is too hard for him.

LESSON 3, P.R.A.Y.

For this lesson, we use the letters of the word pray to teach how to pray. Praying is a simple act of communicating with God and this will give a simple guide for prayer.

LESSON 4, PRAYERS FREE PETER

The goal of this lesson is to teach the children to pray for other people. When Peter's friends gathered together to pray for him, God heard their prayers and Peter could escape from prison. Teach them to pray for their friends and family and even strangers. One of the greatest things we can do for someone is to pray for them.

LESSON 5, THE LORD IS MY ROCK

This lessons teaches us that we can pray for ourselves. It is based on David's prayer in Psalm 18:2. David recognized God as his rock, his fortress, his deliverer and his strength. If God is all those things for us, why would we not pray to him constantly? We can pray when we are scared or lonely. We can pray when we feel weak and tired. We can pray when we don't understand. Through prayer, we can find the help, comfort and guidance we need in our life.

ADDITIONAL VERSES ABOUT PRAYER

Matthew 7:7 Ask, and it shall be given you; seek, and ye shall find; knock, and it shall be opened unto you:

1 Chronicles 16:11 Seek the Lord and his strength, seek his face continually.

Ephesians 6:18 Praying always with all prayer and supplication in the Spirit, and watching thereunto with all perseverance and supplication for all saints;

James 5:13 Is any among you afflicted? let him pray. Is any merry? let him sing psalms.

Acts 4:31 And when they had prayed, the place was shaken where they were assembled together; and they were all filled with the Holy Ghost, and they spake the word of God with boldness.

Psalm 65:2 O thou that hearest prayer, unto thee shall all flesh come.

Job 34:28 So that they cause the cry of the poor to come unto him, and he heareth the cry of the afflicted.

Proverbs 15:29 The Lord is far from the wicked: but he heareth the prayer of the righteous.

Psalm 91:15 He shall call upon me, and I will answer him: I will be with him in trouble; I will deliver him, and honour him.

James 5:16 Confess your faults one to another, and pray one for another, that ye may be healed. The effectual fervent prayer of a righteous man availeth much.

1 THESSALONIANS 5:17

Pray without ceasing.

Ang Panalangin Ay Ang Pakikipag-usap Sa Dios

Philippians 4:6

Sino ang may best friend o pinakamalapit na kaibigan? Marahil lagi mong kausap ang taong ito. Sinasabi mo sa kaniya ang maraming bagay tulad ng mga masaya, nakakatakot, malungkot at iba pang karanasan mo. Gumagaan ang iyong pakiramdam kapag naikukuwento mo sa kanila ang mga bagay na ganito. Gustung-gusto mong kasama ang kaibigan mo.

Katulad nito ang panalangin sa Dios. Maaari tayong manalangin sa Dios araw-araw. Ang ating mga masaya, malungkot at nakakatakot na karanasan ay maari nating sabihin sa Dios. Maari tayong humingi ng tulong sa Kaniya kung tayo ay malungkot. Tayo ay mahal ng Dios at gustung-gusto Niyang tayo ay nakikipag-usap sa Kaniya. Ang Dios ang tunay na best friend natin. Maari nating sabihin sa Dios ang lahat ng bagay.


Filos 4:6 “Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat.”

Nais ng Dios na tayo ay magpasalamat anuman ang mayroon sa atin. Anuman ang kailangan natin ay maari nating hingiin sa Kaniya. Napakagandang malaman na tayo ay makakalapit sa Dios bilang malapit nating Kaibigan. Hindi naman talaga ganoon kahirap ang panalangin. Ito ay ang simpleng pakikipag-usap sa Dios kagaya ng pakikipag-usap sa taong pinaka-kaibigan mo.

Mga Tanong:

1. Ano ang Panalangin?
2. Dapat ba tayong humumihiling sa Dios lagi?
3. Ano ang maari nating sabihin sa Dios?

Memory Verse: 1 Thessalonians 5:17 Pray without ceasing.



Si Daniel At Ang Mga Leon

Daniel 6

Sa Biblia may isang lalake na alaging nananalnagin. Siya ay si Daniel. Siya ay mya angking karunungan at pagkatakot sa Dios. Nakita ni Haring Darius ang Dios sa buhay ni Daniel. Kaya ginawa siyang pangunahing tagapag-payo ng hari. Dahil dito ay nainggit ang mga ibang may tungkulin sa hari. Nagbalak sila ng paraan para patayin si Daniel.

Nilinglang nila ang hari at napapayag ito sa ginawa nilang batas. Sinomang matagpuang nananalangin sa Dios at hindisa loob ng tatlong- pung araw, ay ihahagis sa lungga ng mga leon. Alam ng mga taong ito na si Daniel ay araw-araw nananalangin sa Dios. Ito nga ang dahilan ng karunungan ni Daniel. Itinaon ng mga ito na puntahan si Daniel sa akniyang oras ng panalangin. Siya ay dinakip at dinala sa harapan ng hari.

Alam ng hari na siya ay nalinlang lamang subali't hindi niyang magawang bawiin ang batas. Sa Daniel 6:16 sinabi ng hari kay Daniel, "Ang Dios mong pinagpilingkuran palagi ang siyang magliligtas sa iyo." At si Daniel ay itinapon sa mga leon. Natitiyak natin na natakot si Daniel. Subali't siya ay nananalangin. Umuwi at nananalangin din ang hari. Nagtiwala sa Dios si Daniel. Isang anghel ng Panginoon ang dumating at isinara niya ang bunganga ng mga leon. Buong gabi siyang hindi ginalaw ng mga leon. Kinaumagahan, dali-daling nagtungo ang hari sa lungga ng mga leon.

Isinigaw niya ang pangalan ni Daniel. Sumagot si Daniel at sinabi niyang siya ay ligtas at buhay dahi isinara ng aghel ang bunganga ng mga leon.

Inilabas si Daniel mula sa mga leon. Wala man lamang galos sa katawan si Daniel. Sinabing Bibkia na hindi siya nasaktan. Nang magkagayon, ipinagutos mula noon ng hari na walang mananalangin sa kaniya. Sa halip ang ang tunay na Dios ang nararapat parangalan at panalanginan.

Mga Tanong:

1. Gaano kadalas manalangin si Daniel?
2. Ano ang dahilan ng karunungan ni Daniel?
3. Gaano kalakas ang kapangyarihan ng panalangin ni Daniel?

Memory Verse: 1 Thessalonians 5:17 Pray without ceasing.

JULY- ARALIN 2 isinulat ni April Sharpe
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City





God protects Daniel in a den of lions.

Daniel 6:1-28

© 2007 Copyright. Permission is granted to photocopy granted to original purchaser only. The Really Big Book of Bible Story Colouring Pages • 101

Manalangin Ka (P.R.A.Y.)

Sa aralin ngayon, paguuusapan natin ang tungkol sa panalangin. May apat na hakbang na dapat nating matutunan kapag tayo ay nananalangin. Upang madaling matandaan gamitin natin ang salitang Ingles na P.R.A.Y at bawa't titik ay may kahulugan.

P - Praise. Una, mayroon tayong ginagawang PAGPUPURI sa panalangin. Ito ang unang hakbang sa paglapit natin sa Dios. *1 Chronicles 29:13 "Kaya't ngayon, aming Dios, kami ay nagpasasalamat sa iyo, at aming pinupuri ang iyong maluwalhating pangalan."* Purihin ang Dios dahil Siya ay Mabuti. Purihin ang Dios dahil Siya ay Makapangyarihan. Purihin ang Dios dahil Siya ay Banal. Maraming dahilan upang Purihin ang Dios.

R - Repentance. Ikalawa, mayroon tayong ginagawang PAGSISIJI sa panalangin. *Ezekiel 18:0b "sabi ng Panginoong Dios. Kaya'y mangagbalik-loob, at magsihiwalyay kayo sa lahat ninyong pagsalangsang;* (kasalanan.) Ang ibig sabihin ng Pagsisisi ay ang pagtalikod sa anumang bagay na kasalanan at ang paggawa ng matuwid. Halimbawa, kung ikaw ay nagsisinungaling, dapat kang huminto sa paggawa nito at sikaping hindi na ito uitin.

A - Ask. Ikatlo, mayroon tayong ginagawang PAGHILING sa panalangin. *Luke 11:9 "At sinasabi ko sa inyo, Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakakasumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan."* Ang panalangin ay panahon na dalhin sa Dios ang ating mga kahilingan na nilalaman ng ating mga puso. Halimbawa, ang kahilingan na iligtas ng Dios ang ating mga mahal sa buhay, o pagalingin ng Dios ang mga may karamdaman at kahilingan na bigyan ka ng Dios ng karunungan at kalakasan at iba pa.

Y – Yield. Ikaapat, mayroon tayong PAGPAPASAKOP na ginagawa. *2 Chronicles 30:8b "...sa halip, maging masunurin kayo sa Panginoo.* Ang ibig sabihin ng pagpapasakop ay ang pagsuko ng ating mga sariling kagustuhan sa Dios. Ito ay pagpapailalim sa kalooban ng Dios na siya nating kailangang sundin.


Mga Tanong:

1. Ano ang unang gawain ng panalangin?
2. Ano ang ikalawang gawain ng panalangin?
3. Ano ang ikatlong gawain ng panalangin?
4. Ano ang ikaapat na gawain ng panalangin?

Memory Verse: I Thessalonians 5:17 Pray without ceasing.

JULY- ARALIN 3 isinulat ni April Sharpe
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City





Pray about it

Pinalaya Ng Panalangin Si Pedro

Acts 12

Nang umakyat na pabalik sa langit si Jesus, may isang masamang hari na ang pangalan ay Herod. Pinag-uusig niya ang mga Cristiano. Pinapatay niya si Santiago na kapatid ni Juan. Nang makita niyang hindi natakor ang mga Cristiano, ipinadakip at ikinulong si Pedro. Mahigpit ang pagmamasid ng mga bantay kay Pedro at walang paraan upang ito ay makatakas.

Habang nasa kulungan si Pedro, ang buong iglesia ay nanalangin na palayain ng Dios si Pedro. Nang gabi ding yon, habang natutulog si Pedro ginising siya ng isang anghel. Nakalag ang mga tanikala ni Pedro at siya ay bumangon. Sinundan niya ang anghel. Dinaanan nila ang lahat ng bantay palabas ng bilangguan at bayan. Dito na biglang naglaho sa paningin ni Pedro ang anghel.

Napag-unawa na rin ni Pedro sa oras na yon na hindi siya nananaginip. Totoo ang lahat ng pangyayari. Totoong pinalaya siya ng isang anghel. Dali-dali siyang nagtungo sa bahay ni Maria kung saan naroon ang mga iba pang cristiano.

Isang batang babae na ang pangalan ay Rhoda ang nagbukas ng pinto at hindi makapaniwala na si Pedro ay nakita niya. Sinabi ito sa iba pang naroroon at hindi siya pinaniwalaan. Subali't nang tignan nila ito si Pedro nga ay nasa pintuan. Totoo nga na sinagot ng Dios ang kanilang panalangin.

Mga Tanong:

1. Sino ang nagpakulong kay Pedro?
2. Ano ang ginawa ng iglesia habang nakakulong si Pedro?
3. Sino ang sinundan ni Pedro palabas mula sa kulungan?

Memory Verse: 1 Thessalonians 5:17 Pray without ceasing.



Ang Panginoon Ang Aking Malaking Bato

Mga Awit 18:1-3

Napag-aralan na natin ang panalangin para sa ibang tao at panalangin ng iba para sa atin. Subali't ipinapanalangin ba natin ang ating mga sarili? Sa Awit 18, si David ay nanalangin para sa kanyang sarili. Sinabi nya, "Ang Panginoon ay aking malaking bato, at aking kuta, at aking tagapagligtas; aking Dios, aking malaking bato na sa kaniya'y manganganlong ako; aking kalasag, at siyang sungay ng aking kaligtasan, aking matayog na moog."

Hindi naging madali ang buhay ni David. Sa kaniyang kabataan pinag-uusig siya ni haring Saulo. Sa mga huling taon ng kaniyang buhay nagrebelde ang kaniyang mga sariling anak at ninais nilang agawan siya ng kaharian. Ang buhay niya ay puno ng pasakit at kalungkutan. Hindi siya perfectomg tao. May mga kasalanan din siya at pinagdusahan niya ng lubos ang mga ito.


Sa kabilang nito may isang mabuting bagay kay David sa Awit 18. Sa halip na gumanti siya sa galit ni haring Saulo, ibinigay niya ang lahat ng kaniyang pag-ibig at pagtitiwala sa Panginoon, na kaniyang Malaking Bato, Kuta at Tagapagligtas. Hindi siya nagtiwala sa kaniyang sarili, sa ibang tao o sa mga bagay sa mundong ito. Ang Dios lamang ang kaniyang pinagkatiwalaan. Ang Dios ang kaniyang kalasag, Tagapag-ingat at Mataas na Tanggulan.

Ang mensahe ni David sa atin ay wala siyang magagawa kung wala ang Dios sa buhay niya. Katulad ba tayo ni David sa kaniyang panalangin? Dapat sabihin natin sa Dios na Siya ang ating Malaking Bato, Tanggulan, Taga-pagligtas at higit sa lahat ating Dios. Maaari nating hilingin na tayo ay tulungan Niya anuman ang ating problema. Siya ay laging nakikinig at nais Niya tayong tulungan.

Mga Tanong:

1. Sino ang ipinanalangin ni David sa Awit 18?
2. Nagalit ba si David sa Dios dahil hindi naging madali ang kaniyang buhay?
3. Magbigay ng isang pangalan na ginamit ni David para ilarawan ang Dios?

Memory verse: 1 Thessalonians 5:17 Pray without ceasing.



SEPTEMBER- FORGIVENESS

Memory verse: 1 John 1:9 If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness.

Forgiveness is one of the very best things about being a Christian. It is forgiveness that allows us to know Jesus as our Savior and to become a Christian. Everyone needs to be forgiven and everyone needs to forgive. This month we will have lessons that cover this subject of forgiveness.

LESSON 1, JOSEPH FORGAVE HIS BROTHERS

This story is one of the best examples of forgiveness in the Bible. The brothers of Joseph hated him and treated him very badly. They even wanted to kill him! Years later, when they thought Joseph was dead, they were confronted with him. Joseph could have gotten even. He could have had them killed. But Joseph was kind and godly in his character. Joseph forgave his brothers and set the example for us that we can forgive anyone for anything. The point of this story is that we can forgive others when they have wronged us. You can read the entire story in Geneses 42:1-45:28

LESSON 2, THE PRODIGAL SON

This lesson is about asking for forgiveness. The prodigal son came to a place in his life where he knew that he needed to go home and ask his father to forgive him. He even rehearsed what he was going to say when he got home. The great news was that before he could say anything, his father ran to him and forgave him. His father knew what was in his heart when he came back home. Teach the children that they need to go to the person they have offended and ask for their forgiveness.

LESSON 3, THE BEST FORGIVENESS

This lesson is about the best forgiveness of all, when God saves us and washes away our sins. There is no greater joy than to know that you were a guilty sinner but God loved you and forgave you of everything you ever did wrong. You need to teach that being forgiven by God is the first forgiveness that we all need to experience.

LESSON 4, GOD TELLS US TO FORGIVE

This lesson teaches us that we need to be willing to forgive repeatedly. Peter wanted to limit how many times he would forgive. But Jesus told him to forgive someone as many times as they asked. Even if someone does the same bad thing many times, when they ask sincerely for forgiveness, it is the Christians duty to grant them forgiveness. Teach the kids that even if they don't want to forgive, they have an obligation because Jesus requires it.

LESSON 5, FORGIVING YOUR ENEMIES

Sometimes forgiveness is not easy. When someone is your enemy, it is not easy to forgive them. But Jesus taught his disciples to forgive even their enemies. In Acts chapter 7, Steven was being killed by his enemies but with amazing love, he looked at them and forgave them. If Steven can forgive the people who killed him, we can forgive anyone who is our enemy also.

ADDITIONAL VERSES ABOUT FORGIVENESS

Matthew 6:14 For if ye forgive men their trespasses, your heavenly Father will also forgive you:

Luke 17:4 And if he trespass against thee seven times in a day, and seven times in a day turn again to thee, saying, I repent; thou shalt forgive him.

Ephesians 1:7 In whom we have redemption through his blood, the forgiveness of sins, according to the riches of his grace;

Colossians 3:13 Forbearing one another, and forgiving one another, if any man have a quarrel against any: even as Christ forgave you, so also do ye.

Psalm 130:4 But there is forgiveness with thee, that thou mayest be feared.

Mark 11:25 And when ye stand praying, forgive, if ye have ought against any: that your Father also which is in heaven may forgive you your trespasses.

Leviticus 5:10 And he shall offer the second for a burnt offering, according to the manner: and the priest shall make an atonement for him for his sin which he hath sinned, and it shall be forgiven him.

Luke 11:4 And forgive us our sins; for we also forgive every one that is indebted to us. And lead us not into temptation; but deliver us from evil.

Ephesians 4:32 And be ye kind one to another, tenderhearted, forgiving one another, even as God for Christ's sake hath forgiven you.

1 JOHN 1:9

If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness.

Pinatawad Ni Joseph Ang Mga Kapatid

Genesis 45:1-15

Si Joseph ay isang bata na kinamumuhian ng mga kapatid. Kinaiinggaan siya nga mga ito dahil sa kanilang lahat si Joseph ang pinakamamahal ng kanilang ama. Isang araw ipinabili ng mga ito si Joseph uoang maging alipin. Nagsinungaling sila at sinabi sa kanilang ama na namatay si Joseph.

Maraming taon na naging alipin si Joseph sa bansang Egypt, subali't laging kasama niya ang Dios. Nakalaya din si Joseph at pinaglingkuran niya ang hari ng Egypt bilang pangalawa sa kapangyarihan. Siya ang namahala sa pagkain ng buong Egypt upang tiyakin na hindi magugutom ang mga ito.

Nagkaroon ng malawakang tag-gutom at dumating sa Egypt ang mga kapatid ni Joseph upang bumili ng makakain. Hindi nila nakilala si Joseph sa tagal ng hindi nila pagkikita. Nagpakilala siya sa mga ito. Sinabi niyang hindi siya nagagalit sa kanila dahil kahit masama ang binalak at ginawa ng mga ito sa kaniya, ang Dios ang nagpahintulot nito para sa ikabubuti nilang lahat. Kung nakapagpatawad si Joseph, maari din tayong magpatawad sa mga taong maaring nakapanakit sa atin. Nais ni Jesus na tayo ay magpatawad gaano man kalaki ang kasalanan nagawa sa atin. Maari parin tayong magpatawad.


Mga Tanong:

1. Bakit ipinabili si Joseph ng mga kapatid nito?
2. Saan siya napunta upang maging alipin?
3. Pinatawad ba ni Joseph ang mga kapatid?

Memory Verse: 1 John 1:9 If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness.

SEPTEMBER-ARALIN 1 isinulat ni April Sharpe
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City





Ang Alibughang Anak

Luke 15:11-24

Sa Biblia, may kwento si Jesus patungkol sa isang binata na hiningi niya ang kanyang mana sa kaniyang ama. Buhay pa ang kaniyang ama subali't ganoon na ang hinihingi nito. Nalungkot ang ama ngunit ibinigay parin ang kahilingan ng kaniyang anak.

Nang makuha ng anak ang gusto, nagtungo ito sa isang bayan at doon inubos ang natanggap niyang kayamanan sa mga masasamang bisyo. Dahil dito siya ay naghirap at nanuluyan na lamang sa kulungan ng mga baboy. Sa gutom, nagawa niyang kainin ang pagkain ng mga baboy.

Hindi nagtagal naalala niya na sa bahay ng kaniyang ama, maging ang mga nagsisilbi ay masagana ang pagkain. Nagpasya ang binata na bumlaik sa kaniyang ama at humingi ng tawad.

Sa kanyang pagbalik, malayo pa lamang nakilala na siya ng kaniyang ama. Tumakbo ang ama palapit sa kaniyang anak na siya namang nagsabi "Ama, patawarin mo ako. Hindi na ako nararapat maging anak mo. Ako ay ibilang mo na lamang isa sa iyong mga alipin." Niyakap at hinalikan siya ng kaniyang ama. Nagalak ito sa pagbabalik ng kaniyang alibughang anak.

Naisip mo ba kung ano ang naging pakiramdam ng anak? Ang mga baboy ang kaniyang mga naging kasama at kasalo sa pagkain. Subali't ngayon, nang humingi siya ng kapatawaran, siya ay binigyan ng malaking pagdiriwang ng kaniyang ama.

Maga Tanong:

1. Saang mga bagay inubos ng binata ang kaniyang kayamanan?
2. Saan siya napunta nang wala na siyang perang magastos?
3. Ano ang nangyari nang humingi siya ng tawad?

Memory Verse: 1 John 1:9 If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness.

Jesus tells about a patient father.

Luke 15:11-32



© 2007 Gospel Light. Permission is granted to original purchaser only. The Avots Big Book of Bible Story Coloring Pages • 111

Ang Pinakamagandang Kapatawaran

Luke 19:1-10

Isang araw nagtungo si Jesus sa bayan ng Jerico. Maraming tao ang nagnais na masulyapan man lamang si Jesus. Isa na rito ang isang maliit na tao na ang pangalan ay Zacchaeus. Umakyat siya sa isang puno ng siccumora at doon naghintay sa pagdaan ni Jesus.

Nang dumating si Jesus, tumigil siya sa kinaroroongan ni Zacchaeus. Sinabi niya dito na, "bumaba ka sapagka't pupunta ako sa loob ng iyong tahanan."

Nagulat at nagtaka ang mga tao dahil isa sa pinakamasamang tao si Zacchaeus. Siya ay isang mandaraya at magnanakaw. Siya ay naging mayaman dahil dinadagdagan niya ang bayarin na buwis ng mga tao. Itinatago ang sobra dito para sa kaniyang sarili. Hindi makapaniwala ang mga tao na puntahan ni Jesus ang tahanan ng isang katulad ni Zacchaeus.

Nalaman ni Zacchaeus ang kaniyang mga kasalanan nang dalawin ni Jesus ang kaniyang tahanan. Inamin niya kay Jesus ang kaniyang mga pagkakasala. Sinabi niya, "Ipamimigay ko ang kalahati ng aking kayamanan sa mga mahihirap. Sa mga taong aking dinaya, ibabalik ko ng maka-apat na ulit ang aking mga ninakaw."

Dahil sa tunay na pagsisisi ni Zacchaeus, pinatawad siya ni Jesus at sinabi sa kaniya, "ito ay araw ng kaligtasan sa tahanang ito." Si Zacchaeus ay maliit na tao subali't malaki ang problema – ito ang kaniyang kasalanan. Subali't nakilala niya si Jesus at siya ay binago. Gaano man kalaki ang iyong kasalanan, kung makikilala mo si Jesus, patatawarin at babaguhin ka niya.

Mga Tanong:

1. Sino ang maliit na taong nais makita si Jesus?
2. Ano ang malaking problema ni Zacchaeus?
3. Mapapatawad ka ba ni Jesus sa iyong mga kasalanan?

Memory Verse: 1 John 1:9 If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness.



Nais Ng Dios Na Tayo Ay Magpatawad

Matthew 18:21-35

Sa aklat ng Mateo sa Biblia, nagtanong si Pedro kay Jesus, "Panginoon, makailang magkakasala ang aking kapatid laban sa akin na siya'y aking patatawarin? Hanggang sa makapito?" Sumagot si Jesus na dapat nating patawarin ang ibang tao ng "Makapitongpung pito"

Dito isinalaysay ni Jesus ang patungkol sa isang alipin na hindi marunong magpatawad. Siya ay pinatwad sa kaniyang pagkakautang subali't hindi niya pinatawad ang utang ng ibang tao sa kanya. Sa kuwentong ito itinuro ni Jesus na ang kapatawaran na nais nating matanggap ay dapat katumbas ng kapatawarang ating ipagkaloob sa iba. Tulad ng isang anak ng Dios na pinatawad sa lahat ng kaniyang kasalanan, dapat nating patawarin ang iba dahil na rin sa biyayang nagpatawad sa ating mga kasalanan.

Ang ibig lamang ituro ni Jesus nang sinabi niya ang "makapitongpung pito" ay huwag sana tayong mapahod na laging handang magpatawad. Tulad ng Dios na nagpatawad sa lahat ng ating mga kasalanan, tayo ay magpatawad ng walang katapusang. Dahil ang kapatawarang ibibigay natin sa iba ay siyang ating tatanggapin mula sa Ama nating NASA langit.

Maga Tanong:

1. Ayon kay Jesus makailan tayong magpapatawad?
2. Anong aklat sa Biblia matatagpuan ang aliping hindi marunong magpatawad?
3. Bakit kailangan tayong magpatawad sa mga nagkasala sa atin?

Memory Verse: 1 John 1:9 If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness.

Lord, How Many Times Should I Forgive My Brother?

70 X 7
Matthew 18:21-22

Pagpapatawad Sa Kaaway

Acts 6:8-8:60

May isang lalake sa Biblia na nangangalang Stephen. Siya ay isang mangangaral na napupuno ng pagtitiwala sa Dios at kapangyarihan sapagka't ay laging nag-aaral ng mga Salita ng Dios at nanalangin araw-araw. Kaya nga ginamit siya ng Panginoon upang ipangaral na si Jesus ang makapagbibigay ng kaligtasan sa tao.

Isang araw si Stephen ay nangaral. Pinagbintangan siya ng mga tao na ang kaniyang mga sinasabi ay laban sa Dios. Ipinangaral lamang ni Stephen ang mabuting balita ng kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus. Nagalit ang mga tao sa kanilang narinig. Pinagbabato si Stephen ng mga ito subali't hindi siya huminto sa pangangaral ng kaligtasan.


Ang sabi ng Biblia, nahawi ang mga ulap at nakita ni Stephen ang Panginoong Jesus na nakatayo sa kanang bahagi ng Kaniyang Ama sa langit. Lalong nagalit ang mg atao nang sabihin niya sa mga ito ang kaniyang nakita. Lalo siyang pinagbabato upang ito ay mamatay.

Alam niyo ba ang ginawa ni Stephen? Pinatawad niya ang mga tao. Bago siya mamatay sinabi niya sa Dios na huwag na lamang papanugtin ang mga taong nagnais na siya ay patayin.

Mga Tanong:

1. Paano napuno ng kapangyarihan si Stephen?
2. Bakit nangaral si Stephen sa mga tao?
3. Ano ang nakita niya sa langit nang nahawi ang mga ulap?

Memory Verse: 1 John 1:9 If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins, and to cleanse us from all unrighteousness.



OCTOBER- FEAR

Memory verse: 2 Timothy 1:7 For God hath not given us the spirit of fear; but of power, and of love, and of a sound mind.

This month is about fear. Fear is something that we all struggle with from time to time. But the memory verse teaches us that fear does not come from God. God gives us power, love and a sound mind. That is everything we need to overcome fear in our lives.

LESSON 1, HOW TO FIGHT FEAR

This lesson is about fighting fear in our lives. As we read and study the memory verse, we will learn that God has given us everything we need to fight fear. Let the children know that they can overcome any fear they have with God on their side. There is nothing in life that is bigger or more powerful than God. God's power, love and ability give us what we need for life.

LESSON 2, JESUS CALMS THE SEA

The story of Jesus calming the sea is one of the best stories in the Bible. The disciples were in a boat in the middle of the sea of Galilee when a storm arose. They were afraid that the boat would sink and they would drown. They found Jesus asleep inside the boat. The fact that Jesus was sleeping through the storm tells us that he was not afraid or worried. He knew everything was going to be okay. When Jesus got up, he rebuked the wind and the waves and the storm was over. This story teaches us that Jesus is the answer to all our fears.

LESSON 3, JOSHUA HAS COURAGE

This lesson is about Joshua becoming the leader of the children of Israel. After Moses died, God appointed Joshua to be in charge. Joshua could have been scared because the assignment was very hard. But instead of being scared, he asked God for help and became one of the best leaders that there has ever been. Joshua teaches us that the opposite of fear is courage.

LESSON 4, FAITH OVERCOMES FEAR

There is one thing that overcomes fear in our lives and that is faith. Having faith in God and his abilities is the way to overcome fear. God always honors faith. The heroes in Hebrews chapter 11 all lived by faith and did great things by faith. This lesson tells us that if we are going to beat fear, we must have faith in God.

LESSON 5, GOD IS ALWAYS THERE

For a Christian, God is always with us. We are never alone no matter what kind of situations we are faced with. This great fact, the presence of God in our lives, should give us confidence always. If God is greater than anything, and he never leaves us, then there should be nothing that can cause us to fear. Teach the children that at the times they are the most fearful, they can remember that God is right there with them.

ADDITIONAL VERSES ABOUT FEAR

Isaiah 12:2 Behold, God is my salvation; I will trust, and not be afraid: for the Lord Jehovah is my strength and my song; he also is become my salvation.

Proverbs 3:24 When thou liest down, thou shalt not be afraid: yea, thou shalt lie down, and thy sleep shall be sweet.

Psalm 118:6 The Lord is on my side; I will not fear: what can man do unto me?

Psalm 73:19 How are they brought into desolation, as in a moment! they are utterly consumed with terrors.

Deuteronomy 31:6 Be strong and of a good courage, fear not, nor be afraid of them: for the Lord thy God, he it is that doth go with thee; he will not fail thee, nor forsake thee.

Proverbs 29:25 The fear of man bringeth a snare: but whoso putteth his trust in the Lord shall be safe.

Psalm 14:5 There were they in great fear: for God is in the generation of the righteous.

Joshua 10:25 And *Joshua* said unto them, Fear not, nor be dismayed, be strong and of good courage: for thus shall the Lord do to all your enemies against whom ye fight.

Psalm 27:3 Though an host should encamp against me, my heart shall not fear: though war should rise against me, in this will I be confident.

2 Timothy 1:7

For God hath not given us the spirit of fear; but of power, and of love, and of a sound mind.

Paano Labanan Ang Pagkatakot

2 Timothy 1:7

Binigyan tayo ng Dios ng maraming bagay. Nagbigay siya ng mga punong-kahoy, halaman at bulaklak. Ang mga masasarap na prutas tulad ng saging at pinya ay galing sa Kaniya. Binigyan din Niya tayo ng mga hayop tulad ng baka, kambing at manok.

Lahat ng kailangan natin upang mabuhay ay ipinagkaloob ng Dios dahil siya ay nagmamahal sa atin. Subali't mayroon siyang isang bagay na hindi ibinigay sa atin. Ang sabi ng Biblia hindi ibinigay sa atin ang espiritu ng pagkatakot. Kung hindi siya ang pinagmulan nito, saan kaya ito nanggaling?

Ang Pagkatakot ay galing kay Satanas, sa ating laman at pag-iisip. Kapag tayo ay natatakot tandaan natin na ito ay espiritu lamang at hindi galing sa Dios. Kaya nga hindi natin dapat pakinggan o pansinin man lang ito.


Binigyan tayo ng Dios ng tatlong bagay upang labanan ang pagkatakot. Una binigyan tayo ng Kaniyang kapangyarihan. Ito ay upang tayo ay palakasin dahil tayo ay mahina lamang. Ikalawa, binigyan tayo ng Kaniyang pag-ibig. Ang pag-ibig ay laging nakahihigit sa pagkatakot. Aalisin ng ganap na pag-ibig ang ating mga takot. Ikatlo, binigyan tayo ng Dios ng mabuting pag-iisip. Ang takot ay nasa isip lamang at binigyan tayo ng kakayanang makapag-isip ng tama at maliwanag.

Dahil ang Dios ay nagbigay sa atin ng kapangyarihan, pag-ibig at mabuting pag-iisip, maari tayong maging malakas ang loob at hindi na matatakot.

Mga Tanong:

1. Saan galing ang takot?
2. Ano ang tatlong bagay na ibinigay ng Dios upang malabanan natin ang takot?
3. Ano ang nagagawa ng ganap na Pag-ibig?

Memory Verse: 2 Timothy 1:7 God hath not given us the spirit of fear; but of power, and of love, and of a sound mind.



**Some kids forget that God
created DARKNESS as well as light**

Pinatahimik Ni Jesus Ang Bagyo

Matthew 8:23-27; Mark 4:35-41; Luke 8:22-25

Isang araw si Jesus at ang Kaniyang mga alagad ay sakay ng isang bangka sa gitna ng lawa. Bigla na lamang may dumating na bagyo. Lumaki ang mga alon at ang tubig ay nagsimulang pumasok sa bangka at halos tumaob na ito.

Habang hinahampas ng malakas na hangin at alon ang bangka, si Jesus ay mahimbing na natutolog sa isang bahagi ng bangka. Ang mga alagad ay natakot at ginising si Jesus. Sinabi nila, "Guro, bale-wala ba sa iyo kung kami ay mapahamak?"

Bumangon si Jesus at iniutos sa hangin, "Tigil!" at sinabi sa alon, "Tumahimik ka!" Tumigil nga ang hangin at tumahimik ang lawa. Natakot sila nang labis at namangha. Sabi nila sa isa't isa, "Anong klaseng tao ito? Pati hangin at lawa ay sumusunod sa inuutos niya!"

Sa buhay natin kung minsan may mga problema na tulad ng bagyo na bigla na lang dumarating. Maari itong maging isang sakit, problema sa pamilya, o kaya ay kamatayan ng isang mahal sa buhay o kaibigan. Sa mga panahong ganito, si Jesus ay may kakayanang magpatahimik ng bagyo sa buhay. Maari niyang alisin ang takot at pag-aalinglangan sa ating mga puso. kung tayo ay magtitiwala sa Kanya, bibigyan Niya tayo ng kapayapaan sa ating mga puso sa gitna ng isang bagyo sa buhay.

Mga Tanong:

1. Ano ang ginagawa ni Jesus ng magsimula ang bagyo?
2. Natakot ba ang mga alagad?
3. Naniniwala ba kayo na kayang alisin ng Dios ang ating mga pagkatakot?

Memory Verse: 2 Timothy 1:7 For God hath not given us the spirit of fear; but of power, and of love, and of a sound mind.

OCTOBER- ARALIN 2 isinulat ni Franklin Merano
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City



Jesus calms a storm.
Matthew 8:23-27; Mark 4:35-41;
Luke 8:22-25



© 2007 Gospel Light. Permission is granted to project/purchase only the Ready Big Book of Bible Story Coloring Pages + MP.

Matatag Ang Loob Ni Joshua

Joshua 1:1-9

Matapos mamatay si Moses, si Joshua ang inilagay ng Dios upang pangunahan ang bayan ng Israel at dalhin ito sa Canaan, ang lupang ipinangako ng Dios sa kanila. Ito ay napakabigat at napakahalagang tungkulin.

Alam ng Dios na ito ay mahirap na gawain at maaring matakot si Joshua. May malaking ilog na tatawirin, matitigas na ulo ng mga tao ng Israel, at mga higanteng dapat puksain.

Nais ng Dios na maging matibay ang loob ni Joshua. Ipinangako sa kaniya ng Dios na siya ay lagi Niyang sasamahan, tulad ng Kaniyang ginawa kay Moses. Ipinangako ng Dios na hindi siya iiwan at pababayaan man.

Matapos ang mga pangakong ito, sinabi ng Dios kay Moses na maging malakas at matatag ang loob ni Joshua. Ang mga pangakong ito ang dahilan kung bakit ganoon na lamang katibay si Joshua. Alam ni Joshua na hindi sinungaling ang Dios at mapagkakatiwalaan anuman ang Kaniyang mga sinabi.

Nagawa ni Joshua ang lahat ng dapat niyang gawin dahil sam ga pangako ng Dios.

Mga Tanong:

1. Inutusan ng Dios si Joshua na dalhin ang Israel sa anong bayan?
2. Magbigay ng isa sa mga pangako ng Dios kay Joshua.
3. Bakit nagawa ni Joshua ang lahat ng ipinagawa ng Dios sa kaniya?

Memory Verse: 1 Timothy 1:7 For God hath not given us the spirit of fear; but of power, and of love, and of a sound mind.

OCTOBER- ARALIN 3 isinulat ni Travis Sharpe
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City





Daig Ng Pananampalataya Ang Pagkatakot

1 John 5:4

Gustong sakupin ng takot ang ating mga pag-iisip at hawakan ang ating mga damdamin. Salamat na lamang at may maaaring makadaig sa pagkatakot. Ito ay ang pananampalataya sa Dios.

Galing sa Dios ang pananampalataya at hindi ang pagkatakot. Higit na malaki at mainam kaysa takot. May tatlong paraan nating maaring gamitin ang pananampalataya upang madaig natin ang takot.

Una, manampalataya tayo na higit na malaki ang Dios kaysa anumang kinatatautan natin. Alam natin na ang Dios ang may likha ng lahat ng bagay. Dahil siya ang May-likha ng lahat, Siya ay lalong dakila sa lahat ng ito.

Ikalawa, manampalataya tayo na higit na malakas ang Dios kanino man. Walang tao o bagay ang maaring higit na malakas kaysa Dios. Bagama't may ibang taong malakas kaysa sinoman sa atin, hindi siya maaring maging higit na malakas at Dakila kaysa Dios. Ang Dios ang pinaka malakas sa lahat.

Ikatlo, maniwala tayong gumagawa at mabisa ang pananampalataya. Kung paniniwalaan at gagawin natin ang sinasabi sa Biblia, madadaig natin ang lahat ng takot. Ang paraan upang manampalataya sa Dios ay magtiwala sa Kaniyang sinasabi.

Salamat na lamang at ang pagtitiwala sa Dios at Kaniyang mga Salita ay makadadaig sa lahat ng ating pagkatakot.

Mga Tanong:

1. Ano ang ginagawa ng takot sa ating pag-iisip?
2. Saan galing ang pananampalataya?
3. Sino ang higit na malaki, ang Dios o ang ating Takot?

Memory Verse: 2 Timothy 1:7 For God hat not given us the spirit of fear; but of power, and of love, and of a sound.

OCTOBER- ARALIN 4 isinulat ni Travis Sharpe
Isinalin sa Filipino ng Graceway Baptist Church, Pasig City





The FAITH bus - let God take you places

Laging Nariyan Ang Dios

Hebrews 13:5

